

HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 10 Blg. 24 October 13-19, 2025 P10.00

Nangako na itaguyod ang Kalayaan sa Pamamahayag...

MGA BAGONG HALAL NA OPISYAL NG PAPI, NANUMPA SA KORTE SUPREMA



p.2



MPT SOUTH, IPINAGTIBAY ANG SUSTAINABILITY COMMITMENT SA INTERNATIONAL COASTAL CLEANUP DAY 2025- story p3



INNOVATION AND SUSTAINABILITY IN FOCUS AT NORTHERN MINDANAO'S 2025 STI WEEK- story p.4



Technopreneurs and Community Leaders Unite at the 2025 Regional SETUP and CEST Summit- story p.4



Bringing Knowledge Closer| STARBOOKS Turnover in Misamis Occidental- story p.4



Towards a Smarter Cagayan Valley: Tuguegarao City Backs MOA Signing for ODeSSEE Project- story p.4



Legarda, ginawaran ng Doctor of Education; kinilala ang mga guro at isinulong ang reporma sa edukasyon- story p.2

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

Nangako na itaguyod ang Kalayaan sa Pamamahayag...

MGA BAGONG HALAL NA OPISYAL NG PAPI, NANUMPA SA KORTE SUPREMA

PORMAL na nanumpa ang mga bagong halal na opisyal ng Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) sa Korte Suprema kamakailan.

Isinagawa ang oath-taking ceremony sa Session Hall ng Supreme Court nitong Oktubre 1 na pinangangasiwaan ni Acting Chief Justice Marvic MVF Leonen.

Ang bagong pamunuan ng PAPI ay kinabibilangan nina President Rebecca “Beck” Madeja-Velásquez, Executive Vice President Ian Israel Junio, Vice President for Luzon Alma Ochotorena, Vice President for Visayas Giecel Toriano-Albar, Vice President for Mindanao Anila Anne Acosta, Secretary Reyland Lopez, Treasurer Leonida Cardona, Auditor May Ann Reyla.

Board of Directors for Luzon sina Dina Diaz at Eduardo Cardona, habang Board of Directors for Mindanao sina Elpedio Bermas Soriano Jr. at Joseph Denmarc Avila III. Kasama rin sa nanumpa si dating PAPI President Nelson Santos matapos ang pagkakahirang na Chairman/Director for Media Affairs ng asosasyon.

Itinatampok dito ang matibay na pagtutulungan ng hudikatura at pamamahayag sa pagsusulong ng katotohanan, pananagutan, at demokrasya.

Ito ay matapos bigyang-diin ni SC Acting Chief Justice Leonen ang kahalagahan ng ginagampanang papel ng responsableng pamamahayag sa pangangalaga ng mga demokratikong institusyon at pagtiyak na ang boses ng mga tao ay matapat na kinakatawan sa pamamagitan ng etikal na pag-uulat.

Bunsod nito ay kaakibat ang pangako ng mga bagong opisyal na ipagpatuloy ang pagkakaisa ng mga publisher sa buong bansa sa pagsusulong

ng mga propesyonal na pamantayan, kasanayan sa etikal na media, at mga makabagong diskarte sa pamamahayag.

Bilang isa sa pinakamatanda at pinakarespetadong organisasyon ng media sa bansa, ang bagong pamunuan ng PAPI ay nagpapahiwatig ng panibagong pangako sa pananaw nito na bigyang kapangyarihan ang pamamahayag bilang pundasyon ng demokrasya habang isinusulong ang integridad, pananagutan, at pag-unlad sa pamamahayag ng Pilipinas.

Nabatid na dumalo rin si Hon. Maria Theresa Dolores C. Gomez-Estoesta, na pinuri ang organisasyon para sa patuloy na pagsisikap nito sa pagtataguyod ng transparency at mabuting pamamahala sa pamamagitan ng independenteng pamamahayag.

Dumalo rin ang iba pang natatanging mga panauhin na kinabibilangan ng mga kilalang imbentor na sina Dr. Richard Nixon Gomez at G. Ronald Pagsanghan, gayundin si Dra. Lily Lim. Nagpahayag sila ng suporta sa misyon ng PAPI na itaguyod ang kalayaan at integridad ng pamamahayag.

PRO4A, nakiisa sa selebrasyon ng ‘Linggo ng mga Nakatatanda’

NAKIISA ang Police Regional Office 4A (CALABARZON) sa pagdiriwang ng ‘Linggo ng mga Nakatatanda’ bilang pagpapakita ng pagpupugay sa mga lola at lola.

Ang pamunuan ng PRO 4A ay nagpaabot ng tauspusong pasasalamat at mataas na pagkilala sa mga nakatatanda na nagsilbing haligi ng ating lipunan at patuloy na nagbibigay-inspirasyon sa kasalukuyan at susunod na henerasyon.

Samensahen ni P/B Gen Paul Kenneth T. Lucas, regional director ng PRO 4A, ang nasabing selebrasyon ay maging pagkakataon

MWP ng Isabela, timbog sa Silang MPS

TIMBOG sa mga tauhan ng Silang Municipal Police Station ang isang most wanted person (MWP) ng Isabela kamakailan sa Silang, Cavite.

Ang akusadong si alyas Jeb-Jeb, residente ng Silang, na Municipal Level MWP ng Roxas, Isabela, ay naaresto dakong alas-6:15 ng gabi sa Silang nitong Oktubre 6.

Isinagawa ang operasyon ng ng warrant personnel ng

Silang MPS, na siyang lead unit, sa pakikipagtulungan ng CIDG RFU2-RHQ at Roxas MPS, gamit ang Alternative Recording Device.

Ang pag-aresto ay sa bisa ng warrant of arrest para sa kasong Child Abuse (2 counts), na inilabas ng Regional Trial Court, Branch 23, Roxas, Isabela noong Disyembre 4, 2024 na may inirekomendang piyansa na P200,000.00 bawat kaso.

Request autopsy ng pulis-Trece sa RCLO

PORMAL na humiling ang Trece Martires City Police Station ng awtopsiya sa Regional Crime Laboratory Office (RCLO) kaugnay sa pagkamatay ng dalawang buwang gulang na sanggol kamakailan.

Ang naturang sanggol, mula sa Barangay Cabuco, Trece Martires City, Cavite ay binawian ng buhay nitong Oktubre 5.

Batay sa paunang pagsisiyasat, dakong alas-10:00 ng gabi nitong Oktubre 4 ay hulig nakita ng ina na buhay pa ang kanyang sanggol.

Sa salaysay ng ina ay pinadede niya ang sanggol matapos umiyak at sila ay sabay na nakatulog.

Kinabukasan dakong alas-6:00 ng umaga ay napansin ng ina na hindi na gumagalaw at hindi na humihinga ang kanyang anak.

Isinugod ang sanggol sa pinakamalapit na pagamutan subalit idineklarang dead on arrival ng attending physician. Bunga ng hindi maipaliwanag

na dahilan ng pagkamatay ay agad na ipinaalam ng ospital ang insidente sa pulisya upang maisagawa ang kaukulang imbestigasyon.

Humiling din ng awtopsiya ang pagamutan upang matukoy ang tunay na sanhi ng pagkamatay ng sanggol.

Gayunman ay inihayag ng pamilya ang kanilang kahilingan na itigil na ang imbestigasyon dahil naniniwala silang walang nangyaring foul play o sinadyang pananakit.

Nagpasya naman ang kapulisan ng request autopsy sa RCLO na ang layunin ay upang tuluyang mapawi ang ano mang espekulasyon at para matukoy ang tunay na dahilan ng pagkamatay.

Sinusulat ito ay hinihintay ang opisyal na resulta ng medico-legal examination kasabay naman ng panawagan ng pulisya sa publiko na huwag munang magpalaganap ng mga haka-haka.

Isnatser ‘nakorner sa Imus City

ISANG snatcher ang nakorner at naaresto dahil sa maagap na pagresponde ng mga awtoridad kamakailan sa Imus City, Cavite.

Ang suspek na si alyas John, residente ng Imus City, ay nasakote

dakong alas-3:00 ng hapon nitong Oktubre 6 sa nasabing lungsod.

Nauna rito ay naglalakad ang biktima mula Lotus patungong Imus Public Market na nilapitan ng suspek at hinablol ang pitaka ng una na naglalaman ng pera at cellphone.

Hindi naman nasiraan ng loob ang biktima na kaagad na humingi ng saklolo at sa mabilis na pagresponde ng mga tauhan ng Mobile Patrol Unit at Imus Component City Police Station ay nasukol ang suspek at nabawi rin ang mga ninakaw nito.

Wanted, tiklo sa Bacoor City

TIKLO ang isang City Level Most Wanted Person sa bisa ng warrant of arrest kamakailan sa Bacoor City, Cavite.

Ang akusadong si alyas Ruel, residente ng Bacoor City, ay inaresto kaugnay ng kasong paglabag sa Seksyon 11, Artikulo 2 ng RA 9165.

Isinagawa ng warrant section ng Bacoor Component City Police

Station, sa ilalim ng Manhunt Charlie operation gamit ang Alternative Recording Device, ang operasyon dakong alas-7:30 ng gabi nitong Oktubre 7 sa nasabing lungsod.

Ang pagkakaaresto ay sa bisa ng warrant of arrest na inilabas ng Regional Trial Court, Branch 113, Bacoor City, Cavite nitong Mayo 29, na walang inirekomendang piyansa.

Legarda, ginawaran ng Doctor of Education; kinilala ang mga guro at isinulong ang reporma sa edukasyon

Ginawaran si Senador Loren Legarda ng karangalang Doctor of Education, Major in Educational Management, Honoris Causa ng Nueva Vizcaya State University nitong Oktubre 3, 2025, bilang pagkilala sa kanyang dekadang pagsusulong ng reporma sa edukasyon at pambansang pagbabago.

Ito na ang ikatlong honorary doctorate na iginawad kay Legarda ng mga pangunahing pampublikong unibersidad. Noong 2018, iginawad sa kanya ng Unibersidad ng Pilipinas ang Doctor of Laws, Honoris Causa, bilang pagkilala sa kanyang serbisyo bilang mambabatas, mamamahayag, at tagapagtaguyod ng katarungang panlipunan. Noong Enero 2025, iginawad naman ng University of Antique ang kauna-unahang Doctor of Humanities, Honoris Causa, bilang pagkilala sa kanyang makabuluhang suporta sa unibersidad, at sa kanyang mahalagang ambag sa bayan at inklusibong paglilingkod sa sambayanang Pilipino.

“Ang pagkakaloob ng ganitong karangalan ay isang pagtitiwala na higit pa sa sarili,” pahayag ni Legarda. “Pinagtibay nito ang katotohanang ang edukasyon ang pinakamakapangyarihang kasangkapan upang wakasan ang hindi pagkakapantay-pantay, bigyang-lakas ang mga pamayanan, at hubugin ang isang bansang tunay na malaya at makatarungan.”

Bilang four-term na Senador at Tagapangulo ng Senate Committee on Higher, Technical, and Vocational Education, binigyang-diin ni Legarda na sentral ang edukasyon sa kanyang mga panukalang batas. “Bawat batas na aking isinulong ay bahagi ng mas malawak na disenyo upang tiyakin ang tuluy-tuloy na paglalakbay ng bawat Pilipinong mag-aaral, mula pagkabata hanggang sa mataas na edukasyon, at sa pagpapaunlad ng kaalaman.”

Kabilang sa mga batas na kanyang isinulong ay ang RA 10533 o Enhanced Basic Education Act, RA 10931 o Universal Access to Quality Tertiary Education, RA 9512 o National Environmental Awareness and Education Act at and RA 10908 o Integrated History Act.

Kabilang sa mga bagong reporma sa ilalim ng Second Congressional Commission on Education o EDCOM 2, kung saan siya ay kasalukuyang Co-Chairperson, ay ang RA 12199 o Early Childhood Care

and Development System Act, RA 12080 o Basic Education Mental Health and Well-Being Promotion Act, at RA 12028 o Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program Act—mga batas na tumutugon sa krisis sa pagkatuto at nagsusulong ng ligtas at mapag-arulang kapaligiran sa paaralan.

Binigyang-diin din ni Legarda ang kahalagahan ng pag-uugnay ng edukasyon at trabaho sa pamamagitan ng RA 12063 o Enterprise-Based Education and Training (EBET) Framework Act, at ang suporta sa mga adult learners sa pamamagitan ng RA 12124 o Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program (ETEEAP) Act.

“Ang batas na ito ay nagbibigay ng mas nababagay na landas para sa ating masisipag na kababayan upang makamit ang kanilang degree sa kolehiyo,” pahayag ni Legarda. Bilang pagkilala sa mga guro, isinulong din ni Legarda ang RA 11997 o Kabalik at Pagtuturo Act, na nagtataas ng teaching allowance sa ₱10,000 simula 2025, at RA 12288 o Career Progression System for Public School Teachers and School Leaders Act, na nag-aalis ng mga luma at hadlang na patakaran sa promosyon. “Para sa inyo ito, Ma’am at Sir, at sa lahat ng dakilang guro sa bansa,” dagdag ni Legarda.

Muling pinagtibay ni Legarda ang kanyang paninindigan sa pondo at pananagutan. Bilang Tagapangulo ng Senate Committee on Finance noong 2017, naglaan siya ng ₱8 bilyon upang simulan ang pondo para sa libreng edukasyon sa kolehiyo kahit hindi pa ito pormal na naisabatas.

Sa kasalukuyan, patuloy niyang isinusulong ang pagtutuwid sa ₱12.3 bilyong kakulangan sa pondo para sa mga state universities and colleges. “Simula sa 2026 General Appropriations Act, hindi na papayagang manatili ang kakulangang ito,” ang pahayag ng Senadora.

“Ang karangalang ito ay hindi para sa akin lamang,” pagtatapos ni Legarda. “Ito ay pagkilala sa mga gurong nagbibigay ng higit pa sa kanilang makakaya, sa mga magulang na nagsasakripsyo, at sa mga estudyanteng patuloy na nagsusumikap sa kabila ng hirap. Kapag tayo’y namumuhunan sa pagkatuto, tayo’y namumuhunan sa kakayahan ng ating bayan na baguhin ang sarili nito.”

Editoryal

Mas malawak na paghahanda sa 'The Big One'

NAKAKAPANGILABOT ang tumamang magnitude 6.9 na lindol sa lalawigan ng Cebu Mar-tes ng gabi nitong Setyembre 30. Ito ay bunsod ng pagkawala ng buhay sa mahigit 60 katao habang nasa 500 indibidwal ang sugatan partiku-lar sa Bogo City na sentro ng lindol. Hindi lingid sa kaalaman ng la-hat ang kinatatakutang 'The Big

One' dahil sa sinasabing pag-galaw ng West Valley Fault. Posibleng mangyayari ito sa Kalakhang Mayni-la at ilang katabing lalawigan. Sadyang pinangangambahan ito na kung aabot sa kagayang mag-nitude 6.9 na lindol na naganap sa Cebu ay maaari umanong aabot sa libu-libo ang bilang ng casualties. Kaya naman patuloy ang panawagan ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology para sa mas malawak pang paghahanda sa 'The Big One'. Napakalaki ng saklaw ng West Val-ley Fault kaya malaki ang bilang ng populasyon na apektado bukod pa ang mga danyos na tatamaan.

MPT SOUTH, IPINAGTIBAY ANG SUSTAINABILITY COMMITMENT SA INTERNATIONAL COASTAL CLEANUP DAY 2025

Ang Metro Pacific Tollways South (MPT South), subsidiary ng Metro Pacific Tollways Corp. (MPTC), ay muling pinagtibay ang commitment nito sa environmental sustainability sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa International Coastal Cleanup Day 2025. Ang pandaigdigang kilusang ito, na ginaganap taun-taon upang protektahan at mapangalagaan ang ating mga karagatan at baybayin, ay nilakuan ng iba't-ibang mga organisasyon at daan-daang boluntaryong nagsama sama upang labanan ang marine pollution. Sa pakikipagtulungan ng tanggapan ng City Environment and Natural Resources ng Bacoor, Cavite, at Santa Rosa, Laguna, ang mga boluntaryong empleyado ng MPT South ay nagsama-sama upang itaguyod ang sustainability and environmental stewardship sa pamamagitan ng aktibong paglilinis sa mga baybayin ng Brgy. Caingin sa Santa Rosa, at Brgy. Maliksi 1 sa Bacoor. Bukod sa pagsisikap na ginawa sa nasabing mga coastal barangay, nag-donate din ang MPT South ng mga kagamitang panglinis tulad ng safety boots, sako, walis, guwantes, at mga garbage pickers para sa paglilinis ng Las Piñas-Parañaque Wetland Park (LPPWP). Ang LPPWP ay isang critical protected area na pinamamahalaan ng DENR upang mapanatili ang mayamang biodiversity at ecological value nito. Ang

LPPWP ay isang Ramsar site na matatagpuan sa Look ng Maynila. Tumulong ang mga boluntaryong empleyado ng MPT South sa pagkolekta ng 65 kg residual waste at 48 kg ng iba pang mga debris sa baybayin ng Santa Rosa, na nakalikom naman ng total na 12,039 kilo ng basura mula sa nasabing baybayin; sa kabilang banda, may kabuuang 43.5 kg ng wood debris at 60.5 kg ng plastic at foam materials ang nakolekta ng mga boluntaryo ng MPT South sa baybayin ng Bacoor, na nags resulta sa kabuuang 7,275 kilo ng basura na nakolekta mula sa coastal area. Ang mga pagsisikap na tulad nito ay patuloy na nagbibigay daan sa pagpapataas ng kamalayan tungkol sa marine conservation, wastong segregation ng mga basura, at pagpapakilala ng sustainable practices sa mga boluntaryo nito. "Protecting our coastlines is vital for the health of our community and future generations, and our duty doesn't end after the International Coastal Cleanup Day," saad ni Arlette V. Capistrano, Vice President for Communication and Stakeholder Management ng MPT South. "Through MPT South's consistent programs like clean-up drives, various tree planting activities, and its active participation in the annual International Coastal Cleanup, we aim to reduce marine litter, foster environmental awareness, and reinforce

our commitment to sustainable development in the communities we serve." Noong Agosto 2025, ang MPT South ay ginawaran ng dalawang Green Awards mula sa Santa Rosa City Government. Isang Plaque of Appreciation bilang Sustainable Development Partner, at isang Earth Hour Advocate Award, na nagmamarka ng ikatlong magkakasunod na taon ng pagkilala sa iginagalang na programa ng lungsod. Ang mga pagsisikap ng MPT South ay naaayon sa mas malawak nitong sustainability goals, na kinabibilangan ng pangangalaga sa ating natural na mga daluyan ng tubig, pagbabawas

ng masamang epekto sa kapaligiran, pagtataguyod ng eco-friendly na imprastraktura, at pakikipag-ugnayan sa mga komunidad upang mahikayat ang pagiging responsable sa ating kapaligiran, at upang mapanatili ang kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon. Tungkol sa Metro Pacific Tollways Corporation Ang MPTC ay ang nangungunang toll road developer at operator sa Pilipinas at holding company ng mga pangunahing tollways, kabilang ang NLEX, SCTEX, CAVITEX, CALAX, NLEX Connector, at CCLEX sa Cebu.

'Bato' boga 'damo' kumpiskado sa 2 SLI

KUMPISKADO ang hinihinalang shabu at marijuana na nagkakahalaga ng P111K sa dalawang naarestong Street Level Individuals (SLI) makaraan ang matagumpay na bus bust operation na ikinasa ng mga awtoridad kamakailan sa Bacoor City, Cavite. Ang dalawang suspek ay nakilalang sina alyas Tagis, residente ng Bacoor City; at alyas Francisco, naninirahan sa Trece Martires City, kapwa sa naturang lalawigan. Ikinasa ng mga operatiba ng Drug Enforcement Unit ng Bacoor Component City Police Station, na may koordinasyon sa PDEA, ang operasyon dakong alas-10:00 ng gabi nitong Oktubre 5 sa Barangay Maliksi 2, Bacoor City. Nag-ugat ito sa pagkakaaresto sa dalawang suspek at pagkakakumpiska sa kanilang pag-iingat ang anim na heat-sealed transparent plastic sachets ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng humigit-kumulang 12 gramo na may halagang P81,600.00, at limang plastic bag ng hinihinalang tuyong dahon ng marijuana na tumitimbang ng humigit-kumulang 250 gramo na nagkakahalaga ng P30,000.00. Kumpiskado rin ang isang Nintendo Switch bag, isang brown wallet, isang kalibre .38 revolver na walang serial number na kargado ng P500.00 buy-bust money.

Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

Lahat ay kaakibat ang kasinungalingan

SINABIHAN ni Juan si Berto na sinungaling. Mabilis ang pagtugon ni Berto sa pagsasabing walang katotohanan ang akusasyon sa kanya ni Juan. Ang mga kakampi ni Juan ay todo suporta sa kanya na nagpapahiwatig na tama ito sa pagsabi na si Berto ay sinungaling. Hindi naman magpapadaig ang mga kaalyado ni Berto sa pagtatanggol na ang paratang ni Juan ay walang katotohanan. Magulo para sa parte ng mga hindi tropa ng dalawa dahil hindi alam kung sino kina Juan at Berto ang totoo. Nagsabi si Juan na sinanguling si Berto na agad naman sumagot na iyon ay hindi totoo. H a l i m b a w a n g napatunayan na nagsasabi ng katotohanan si Juan ay nangangahulugan na si Berto ang sinungaling. Sinungaling si Berto kasi pinaninindigan niyang hindi totoo ang sinasabi laban sa kanya ni Juan. Pero ang katotohanan ay kaakibat nating lahat ang ugaling pagiging sinungaling. Sa pagiging tao natin ay imposibleng wala tayong nagawang kasinungalingan sa aying buhay o habang nabubuhay. Tulad ni Juan na maaaring ibang tao ang magsabi sa kanya na siya ay sinungaling at napatunayan naman. Ang punto lamang ng ating pitak ay hindi dapat nagbibitiw ng pahayag laban sa kapwa na siya ay sinungaling dahil lahat nga ay kaakibat ang kasinungalingan. Ikaw o kayo ba, masasabi bang hindi sinungaling? 'Wag basta paparatangan at sasabihan ang kapwa na siya ay sinungaling.

HANEP

Basahin Mo Ito!

ROMEO S. SANTOS
Publisher/Editor-in-Chief

JUNE K. BILLONES
Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/09687122927
Website: <https://hanep.net>
Email: ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.

ADVERTISING RATES
COMMERCIAL - - - - P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

Papi

Technopreneurs and Community Leaders Unite at the 2025 Regional SETUP and CEST Summit

The Department of Science and Technology Region 1 (DOST Region 1) successfully brought together innovators, entrepreneurs, and community leaders at the 2025 Regional SETUP & CEST Summit held on September 16, 2024, at Hotel Ariana & Restaurant, Paringao, Bauang, La Union. The event, spearheaded by the Regional Program Management Office of the Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) and Community Empowerment through Science and Technology (CEST) Program, served as a venue to highlight success stories, share knowledge, and strengthen partnerships for innovation and sustainability. In her keynote message, DOST 1 Regional Director Teresita A. Tabaog described the gathering as a high-level conference that signifies the participants' greatest achievements. She urged the attendees to treasure both good and difficult experiences, as these shape competence and drive innovation. "We all strive for success, and as Tony Robbins once said, 'The path to success is to take massive, determined action.' That action begins now," she emphasized, inspiring technopreneurs and community leaders to continue learning and innovating for a brighter and more sustainable future.

The morning session focused on technology and innovation for micro, small, and medium enterprises (MSMEs). On behalf of Balik Scientist Dr. Albert J. Causo, Engr. Nicole Abejuela underscored DOST's support for beneficiaries through the adoption of Industry 4.0 technologies such as big data, cloud computing, and cybersecurity to boost efficiency and competitiveness. Ms. Johnestle Loi Cena also introduced the CUATRO program, designed to bridge gaps between entrepreneurs and suppliers, describing it as a one-stop transformation platform that fosters growth for businesses and future-proofing policies for communities.

The afternoon sessions, dubbed "CESTsions," centered on the theme

"CESTalk: Circular Economy Demystified." Ms. Aloha May Renion of DENR Regional Office discussed the Extended Producer Responsibility Act of 2022, which holds companies accountable for managing plastic packaging waste while promoting eco-friendly practices. Mr. Drake Lim of SM City La Union highlighted the Waste Free Future campaign, which recycles materials, processes food waste into compost, and converts cooking oil into biofuel. Engr. Edison Acosta of DOST-Ilocos Sur concluded the discussions by emphasizing the role of the circular economy in creating new opportunities for innovation through renewable energy, biodegradable packaging, and waste-to-product technologies. The Summit closed with an open forum where participants shared insights and suggestions on sustainability and innovation. Overall, the 2025 Regional SETUP & CEST Summit stood as a platform for collaboration and inspiration, reinforcing the role of science, technology, and innovation in building smarter, more competitive, and sustainable communities in Region 1. **(Alyzza Jane N. Gapuz and Gemma Mae Cabilan)**

Bringing Knowledge Closer| STARBOOKS Turnover in Misamis Occidental

Access to science and technology just got closer to home! Through the partnership between the Department of Science and Technology (DOST) and the BPI Foundation, Inc., represented by Mr. Geronimo G. Torres, four schools in Misamis Occidental received brand new computer units installed with the Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated KioskS (STARBOOKS) — a DOST-developed digital library that brings thousands of science and technology resources right into the classroom. The BPI Foundation donated these computer units for free, recognizing the pressing need to provide access to digital learning tools and information resources,

Innovation and Sustainability in Focus at Northern Mindanao's 2025 STI Week

Oroquieta City, Misamis Occidental — Science, technology, and innovation took center stage in Northern Mindanao as the Department of Science and Technology (DOST) Region 10 officially opened the 2025 Regional Science, Technology, and Innovation Week (RSTW) on October 1-3, 2025, at the Bayfront Arena in Oroquieta City. The three-day celebration gathered key leaders from the DOST System, local government units, academe, and partner institutions to highlight groundbreaking technologies, impactful research, and programs that advance sustainability and inclusive growth. The event was graced by DOST Secretary Dr. Renato U. Solidum Jr., DOST Undersecretary for Regional Operations Engr. Sancho A. Mabborang, DOST-Northern Mindanao Regional Director Engr. Romela N. Ratilla, Oroquieta City Mayor Hon. Lemuel Meyrick M. Acosta, Misamis Occidental Governor Atty. Henry S. Oaminal, along with other officials and partners from various institutions. In his keynote message, Secretary Solidum emphasized the importance of ensuring that no community is left behind in the journey toward sustainable and smart development, saying that

the goal is for every city, town, and province to cross the finish line of achieving the sustainable development goals by becoming smart and sustainable. Underscoring the value of grassroots initiatives, Usec. Mabborang pointed out that sustainability is not just a buzzword but a practice that is already being realized at the community level. For Mayor Acosta, hosting the RSTW is both a privilege and a milestone, as Oroquieta City continues to take bold strides toward becoming a smart city. RD Ratilla also expressed hope that the Bayfront Arena would not only serve as a space to showcase technologies but also as a venue to spark conversations, build connections, recognize outstanding personalities in science, and award impactful projects. Meanwhile, Governor Oaminal affirmed that the gathering reflects a shared commitment to shaping a future that is technologically advanced, inclusive, and sustainable. The celebration also highlighted significant ceremonial activities, including the turnover of the DOST Research and Development Agenda to Northwestern Mindanao State College of Science and Technology and La Salle University — Ozamiz City, as well as the ceremonial turnover of project funds for the establishment of a 21st Century Learning Environment Model Classroom at Misamis Occidental Science and Technology High School. Throughout the three-day RSTW, participants and visitors witnessed different fora, technology exhibits, and recognition ceremonies, all showcasing how science, technology, and innovation continue to transform communities and pave the way for a smarter and more sustainable Northern Mindanao. **(Nelson Santos)**

Held at the DOST Misamis Occidental Innovation Hub, the ceremony marked another milestone in bringing Agham na Ramdam — science that uplifts communities, bridges the digital divide, and opens doors of opportunity for learners across Misamis Occidental.

Towards a Smarter Cagayan Valley: Tuguegarao City Backs MOA Signing for ODeSSEE Project

The Department of Science and Technology Regional Office No. 02 (DOST R02), led by Regional Director Dr. Virginia G. Bilgera and represented by Dr. Raquel B. Santos, participated in the Committee Meeting to deliberate on the Draft Memorandum of Agreement (MOA) among the Local Government Unit of Tuguegarao City, DOST R02, Isabela State University (ISU), and the University of Saint Louis (USL) for the implementation of the project titled "Optimization of Decision Support System for Effective e-Governance (ODESSEE) towards Strengthening Communities in Cagayan Valley." Present during the meeting were Dr. Albert A. Vinluan, Project Support Staff III from ISU; Dr. Darin Jan C.

Tindowen, Project Support Staff I from USL; Dr. Marie Rose Mora of USL; Ms. Rodora B. Santos, PTA V of DOST R02; and Engr. Niko Angelo S. Tabangin, PTA V of DOST R02. After the discussion, the Tuguegarao City Committee on Rules, Laws, and Ethics, chaired by Atty. Mark Aldous Baccay, endorsed the conduct of the MOA signing with the partner institutions. This initiative demonstrates commitment toward the collaborative implementation of Project ODeSSEE in Tuguegarao City, which will strengthen flood pre-emptive planning, enhance e-governance, and advance data-driven decision-making in line with the vision of building a resilient and sustainable Cagayan Valley Smarter City Belt.

Communities urge Ayala Corp to withdraw from fossil gas project in Batangas City

Quezon City, Philippines — Communities from Barangays Pinamucan, Libjo, and Malitam in Batangas City, together with the Philippine Movement for Climate Justice (PMCJ), sent a letter to Ayala Corporation (Ayala Corp) on Oct. 6, 2025, calling on the latter to support just energy transition to renewables instead of fossil fuels. Ayala Corp AC Energy (ACEN)'s Ace Enexor (ENEX) owns 50 percent of the Batangas Clean Energy (BCE) Project, which includes a liquefied natural gas (LNG) terminal and a combined cycle gas turbine power plant. PMCJ has long been arguing that fossil gas is never clean as it releases harmful pollutants that can contribute to smog, acid rain, respiratory problems, and cardiovascular diseases. "A peer-reviewed study published in 2024 found that LNG has 33 percent higher greenhouse gas emissions than coal. The actual burning of gas accounts for only about a third of the total emissions. Gas is still a fossil fuel and therefore not a cleaner alternative to coal," said Larry Pascua, PMCJ senior energy officer. In 2023, the five barangays in Batangas City requested an investigation into the health impacts of five operating fossil gas plants in Barangays Dela Paz, Ilijan, Malitam, Sta. Rita Karsada, Tabangao Ambulong, and Tabango Aplaya. Communities living near the dirty projects experience skin and cardiovascular diseases. "The fight against the BCE Project is a fight for our children and the future generation of Batanguenos. We have visited various offices, pleading with them to stop making

our province an LNG hub. In 2022, ACEN announced its full divestment of the South Luzon Thermal Energy Corporation (SLTEC) coal-fired power plant. We are calling on Ayala Corp: If you are serious about your renewable energy push, withdraw from the BCE Project!" said Agnes Ilagan, PMCJ Batangas province lead on climate and energy transition. Elle Bartolome, PMCJ senior executive officer for policy, campaigns, and communications, stressed that Ayala's 2020 Environmental and Social (E&S) policy aims to achieve a low-carbon portfolio by 2030 through increased investment in renewable energy and divestment from coal assets. This enabled them to outline their net-zero roadmap, but its concrete realization would mean a total exit from the fossil fuels playing field. "The world is all eyes on Ayala since it took the world's first market-based Energy Transition Mechanism (ETM) in 2022. A total success for this bold ambition would be for Ayala to take a decisive step to divest its share in BCE and channel all these resources into renewable energy projects. Doing so would not only accelerate the transition to 100% renewables but also reduce Ayala's exposure to the increasing health, regulatory, financial, and reputational risks associated with fossil fuel investments. This is a critical moment for them to demonstrate strong leadership toward a sustainable, resilient, and democratic energy future in the Philippines," Bartolome said.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
NAIC, CAVITE
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (HDMF),
Petitioner-Mortgagee,

-versus-

FNC-2022-142

CECILIE R. LEAÑO,
Respondents-Mortgagors.
x ----- x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

WHEREAS, upon extra-Judicial Petition for Sale under Act No.3135, as amended by Act No. 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (HDMF)**, Mortgagee, with postal address at the Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against **CECILIE R. LEAÑO**, Mortgagors with postal address at **530 ST. FRANCIS SUBD., SAN JUAN I, GEN TRIAS CAVITE**, to satisfy the mortgage indebtedness which as of **September 26, 2022** amounted to **FOUR HUNDRED FORTY SIX THOUSAND ONE HUNDRED NINETY FOUR PESOS & 86/100 (P 446,194.86)** Philippine currency, excluding penalties, Attorney's Fees and expenses of the foreclosure, the undersigned authorized Sheriff IV, will sell at public auction on **November 11, 2025 at 9:00 in the morning** or soon thereafter at the Regional Trial Court Naic, Cavite, to the highest bidder in **CASH** or in **MANAGER'S CHECK** and in Philippine Currency the property with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF
TITLE NO. 057-2019010268

IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in BARANGAY OF TIMALAN, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:*

LOT NO: 15, BLOCK NO: 20, PLAN NO: PCS-04-031172
PORTION OF: CONS-SUBD. OF LOTS 2977 & 2978, FLS-986-D, NAIC ESTATE (VS-04-000597)

LOCATION: BARANGAY OF TIMALAN, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON
BOUNDARIES:

LINE	DIRECTION	ADJOINING LOT(S)
1-2	SW	LOT 4, BLOCK 20, PCS-04-031172
2-3	NW	LOT 14, BLOCK 20, PCS-04-031172
3-4	NE	ROAD LOT 3, PCS-04-031172
4-1	SE	LOT 16, BLOCK 20, PCS-04-031172

TIE POINT: MON. NO. 17, NAIC ESTATE, PROVINCE OF CAVITE

LINE	BEARING	DISTANCE
TO CORNER 1	S. 48 ° 17' E	1816.15 M.
1-2	N. 41 ° 25' W	3.50 M.
2-3	N. 48 ° 35' E	8.00 M.
3-4	S. 41 ° 25' E	3.50 M.
4-1	S. 48 ° 35' W	8.00 M.

AREA: TWENTY EIGHT SQUARE METERS (28), MORE OR LESS

Prospective bidders So the encumbrance existing thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **November 18, 2025** at the same time and at the same place mentioned above without further notice

Municipality of Naic, Province of Cavite, October 1, 2025.

JANELLE V. LAGADON, MBA
Sheriff IV

Copy Furnished:

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (HDMF)

PHILHEALTH BRINGS ‘YAKAP’
PROGRAM AND SERVICES CLOSER
TO CAVITE PROVINCIAL EMPLOYEES

